

## Narito ang kailangan mong malaman kung mawawalan ng kuryente

Nagsisikap ang City Light upang makapagbigay ng maaasahang kuryente, ngunit maaari kang mawalan ng kuryente paminsan-minsan. Gamitin ang mga mapagkukunang ito para manatiling updated sa oras ng pagkawala ng kuryente:

- Tingnan ang aming outage map (mapa ng mga lugar na walang kuryente) – [seattle.gov/light/outage](http://seattle.gov/light/outage)
- I-follow kami sa Twitter: [twitter.com/SEACityLight](https://twitter.com/SEACityLight)
- Subaybayan ang mga lokal na ulat ng lagay ng panahon

Manatiling ligtas sa oras ng pagkawala ng kuryente:

- Maghanda ng kit para sa pagkawala ng kuryente na may tubig, pagkain, mga kumot, at mga flashlight
- Lumayo nang hindi bababa sa 20 feet o talampakan (6.096 na metro) mula sa mga nahulog na linya ng kuryente
- Huwag kailanman gumamit ng gas o mga ihawang ginagamitan ng uling sa loob ng bahay
- Protektahan ang mga minamahal sa buhay sa tahanan na umaasa sa medikal na kagamitan sa pamamagitan ng pag-sign up para sa aming Life Support program (Programang Suporta sa Buhay)

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang: <https://powerlines.seattle.gov/outage>

## Iba't ibang Mapagkukunan ng Kuryente

Noong 2005, ang City Light ang naging unang utilidad sa buong bansa na naging carbon neutral. Nakakamit namin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng kuryenteng may responsibilidad sa kapaligiran gamit ang aming malilinis na hydroelectric na pasilidad, gaya ng makikita mo sa aming mga mapagkukunan ng kuryente sa 2019 sa ibaba.

(Larawan)

\*Ang City Light ay walang mapagkukunang coal o natural gas sa portfolio nito ng supply ng kuryente. Gumagawa ito ng mga pagbili sa merkado upang ibalanse o itugma ang mga load at mapagkukunan nito. Ang mga pagbiling ito, kasama ang mga pagbili sa merkado na ginawa ng Bonneville Power Administration (BPA, Pangasiwaan ng Kuryente ng Bonneville), ay maaaring hindi sinasadyang may maisamang mga mapagkukunang coal o natural gas, na nakatalaga sa utilidad. Ang anumang emisiyong nauugnay sa hindi tinukoy na mga pagbili sa merkado ay binabawi sa pamamagitan ng aming patakaran sa pagiging neutral ng greenhouse gas (GHG).

\*\*Kinakatawan ng fuel na ito ang isang bahagi ng kuryenteng binili mula sa BPA.

## I-access ang kaligtasan ng iyong mga puno sa paparating na taglamig

Dahil nahulog na ang karamihan sa mga dahon, napakainam na oras ngayon para suriin ang istruktura ng iyong mga puno. Tingnan kung mayroong mga naputol o nabaling sanga na maaaring mahulog sa isang malakas na bagyo ng hangin. Hanapin kung mayroong mga sanga ng puno na nakadikit sa mga linya ng kuryente. Kung maaaring magdulot ang iyong mga puno ng mga problema sa kaligtasan sa mga

lina ng kuryente, makipag-ugnayan sa Seattle City Light Vegetation Management sa [seattle.gov/light/vegetation-management/contact-us.asp](http://seattle.gov/light/vegetation-management/contact-us.asp) o (206) 386-1733 para masuri ang iyong mga alalahanin. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Vegetation Management Program (Programang Pamamahala ng Mga Halaman) ng Seattle City Light, tingnan ang aming website sa [seattle.gov/light/vegetation-management](http://seattle.gov/light/vegetation-management). Kapag alam mo nang ligtas ang iyong mga puno, matutuwa kang pagmasdan ang mga balangkas nito sa oras ng paglubog ng araw sa ating magandang taglamig.

## Green Up

Mag-ambag sa mas makakalikasan at mas matatag na kinabukasan ng enerhiya sa pamamagitan ng pagsali sa City Light Green Up program (Programang Maging Makakalikasan ng City Light). Alamin pa kung paano ka makakagawa ng epekto sa pamamagitan ng pagbisita sa [seattle.gov/light/greenup](http://seattle.gov/light/greenup) o tumawag sa (206) 684-3800.

## Naglilingkod sa Iyong Komunidad

May mga tauhan ang Seattle City Light sa mga komunidad na ito na nagsisikap na magbigay ng maaasahang serbisyo:

- Arroyo/South Arbor Heights: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng lupa, vault, at mga poste ng ilaw upang palitan ang naluluma nang imprastruktura.
- South Park: nag-a-upgrade ng mga nakakabit na ilaw sa ilalim ng deck sa mga LED sa overpass sa State Route 509 sa South Cloverdale Street.
- Sa Buong Lugar ng Serbisyo ng City Light: pinapalitan ang mga naluluma nang poste ng utilidad sa buong lugar ng serbisyo para pabutihin ang kaligtasan at pagkamaasahan ng kuryente.

Hindi kompleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa [seattle.gov/light/atwork](http://seattle.gov/light/atwork) upang ma-access ang aming mapa at matuto tungkol sa mga indibidwal na proyekto sa iyong kapitbahayan.

## TIP NA PANGKALIGTASAN MULA SA EKSPERTO

"Kung minsan, maaaring bumagsak ang mga linya ng kuryente dahil sa bagyo sa taglamig. Kung makakakita ka ng linya ng kuryente sa daan, palaging isiping may dumadaloy ritong kuryente. Lumayo rito nang hindi bababa sa 20 talampakan at tumawag sa 911."

## E-Billing

Matuwa sa kaginhawaan ng pagbabayad ng iyong bill online. Mag-sign up ngayon para sa E-Billing at sulitin ang mga benepisyonang ito:

- Magbayad gamit ang isang credit card, debit card, o checking account number
- Mag-set up ng mga umuulit na pagbabayad o mga isahang beses na pagbabayad

- Pagiging available ng iyong pang-araw-araw na paggamit ng kuryente (kung mayroon kang advanced na metro)
- Madaling pag-sign up para sa naka-budget na pagsingil
- Pinahusay na mga kagamitan para sa serbisyo sa customer
- Maging Makakalikasan! Gumamit ng mas kaunting papel!

Mag-sign up ngayon: <https://myutilities.seattle.gov/eportal/#>

Seattle City Light

700 Fifth Avenue  
PO Box 34023  
Seattle, WA 98124-4023

Mayroon ka bang mga tanong, komento, o mungkahi?

Mag-email sa amin sa [SCL\\_Communications@seattle.gov](mailto:SCL_Communications@seattle.gov)

Available ang newsletter sa Espanyol, Vietnamese, Chinese, Somali, Tagalog, at Korean sa [seattle.gov/light/pubs/lightreading.asp](http://seattle.gov/light/pubs/lightreading.asp) o tumawag sa (206) 684-3000.